
# Impormasyon ng aplikasyon para sa Ika-2 benepisyong suporta sa pagbubuntis

## ■ Tungkol sa benepisyong suporta sa pagbubuntis

Mula noong Abril 1, 2025, sinimulan ng pambansang pamahalaan ang mga programa na may hangaring magbigay ng tuloy-tuloy na suporta mula sa panahon ng pagbubuntis. Kasama sa mga ito ang "Benepisyong Suporta sa Pagbubuntis" bilang isang paraan ng suportang pinansiyal gayundin ang "Programa ng Komprehensibong Konsultasyon at Suporta sa Panganganak" bilang isang anyo ng suporta sa masusing konsultasyon. Bukod pa rito, sa pagsisimula ng mga programang ito, matatapos ang Programa na Suporta sa Panganganak at Pangangalaga ng Bata na ipinatupad hanggang sa piskal na taong 2024. Nagpapadala ang Lungsod ng Kawasaki ng mga gabay sa aplikasyon para sa benepisyong suporta sa pagbubuntis na babayaran kasunod ng inyong konsultasyon kapag isusumite ninyo ang inyong pagpapaabiso ng pagbubuntis at sa panahon ng pagbisita kasunod ng panganganak upang maibigay ang komprehensibong suportang pisikal, mental, at pinansiyal sa mga ina bago at pagkatapos manganak, alinsunod sa hangarin ng pambansang pamahalaan.




## ■ Mga kwalipikadong tao at mga detalye ng pangalawang pagbabayad ng benepisyong suporta sa pagbubuntis

**Pagbabayad katumbas ng bilang ng mga hindi pa isinisilang na sanggol × 50,000 yen**

* Ang mga aplikante at tatanggap ay dapat buntis at malapit nang manganak. Ipadadala lang ang bayad sa account ng taong buntis at malapit nang manganak.
Kung walang account sa bangko na nakapangalan sa taong buntis, mangyaring makipag-ugnayan sa call center na nakasaad sa likod.

## ■ Paraan ng aplikasyon

Maaari kayong mag-apply sa pamamagitan ng "App na Sukusuku para sa Pangangalaga ng Bata ng Kawasaki".

Pagkatapos i-install ang "App na Sukusuku para sa Pangangalaga ng Bata ng Kawasaki", magrehistro bilang user.




I-tap ang "Kodo Link" sa screen ng lokal na impormasyon sa pangangalaga ng bata.




I-tap ang "Ika-2 Benepisyong Suporta sa Pagbubuntis" upang mag-apply.




Kahit sa mga kaso na hindi ipinagpatuloy ang pagbubuntis, kung tinapos ninyo ang pagbubuntis matapos makumpirma ang tibok ng puso ng sanggol, magiging karapat-dapat kayo para sa benepisyong suporta sa pagbubuntis.

(Tingnan ang likod para sa pagpapatuloy.)

<Para sa mga nakatanggap ng baby greeting visit> Gabay sa Aplikasyon para sa Ika-2 Benepisyong Suporta sa Pagbubuntis

**[Mahalaga]** Para mag-apply, **kakailanganin ang sumusunod na larawan na data.** Mangyaring ihanda ang mga ito bago mag-aplay.

| | |
|---|---|
| Mga dokumento para kumpirmahin ang personal na pagkakakilanlan | ID (lisensiya sa pagmamaneho, My Number card, residence card, atbp.) |
| Mga dokumento para kumpirmahin ang account na paglilipatan | Mga dokumento na nagpapakita ng numero ng account ng ina (bankbook, cash card, atbp.) |

*** Kung pareho na ninyong tinanggap ang pagbisita ng bagong silang na sanggol at pagbisitang pagbati sa sanggol, magsumite ng isang form ng aplikasyon mula sa gabay sa aplikasyon na nauna ninyong natanggap. Ang mga taong nakatanggap na ng pangalawang pagbabayad ng benepisyong suporta sa pagbubuntis ay hindi maaaring mag-aplay.**

## ■ Huling takdang araw ng aplikasyon

Sa loob ng 2 taon mula sa petsa na 8 linggo bago ang petsa ng inyong panganganak

* Maaari kayong mag-aplay hanggang sa huling takdang araw. Gayunpaman, sa hinaharap, hindi kami magpapadala ng mga abiso sa rekomendasyon sa aplikasyon sa bawat indibidwal. Kaya inirerekomenda namin na mag-aplay kayo sa lalong madaling panahon.
Ang pangalawang benepisyong suporta sa pagbubuntis ay maaaring hindi mabayaran pagkatapos ng huling takdang araw ng aplikasyon.

## ■ Tinatayang panahon hanggang sa pagbabayad

Kasunod ng inyong aplikasyon, maaaring tumagal nang hanggang 3 buwan para matanggap ninyo ang inyong bayad.
Bago ilipat ang pera sa inyong account sa bangko, ipadadala sa inyong bahay sa pamamagitan ng koreo ang "Abiso sa Kumpirmasyon ng Benepisyong Suporta sa Pagbubuntis at Abiso sa Pagbabayad ng Benepisyong Suporta sa Pagbubuntis" o ang "Abiso sa Pagbabayad ng Benepisyong Suporta sa Pagbubuntis".

## ■ Mga pag-iingat kapat nagsusumite ng aplikasyon

**Ang isang aplikasyon ay hindi maaaring isumite kung natanggap na ninyo ang pangalawang benepisyong suporta sa pagbubuntis sa Lungsod ng Kawasaki o ibang munisipalidad.**
Maaari namin kayong tawagan sa telepono o makipag-ugnayan sa mga ibang munisipalidad, kung may posibilidad ng nadobleng aplikasyon o mga hindi tamang detalye sa inyong aplikasyon. Maaari ring patunayan ng isang medikal na institusyon ang katayuan ng inyong pagbubuntis.

### * Kung hindi pa kayo nag-aplay para sa unang pagbabayad ng benepisyong suporta sa pagbubuntis

- Bilang unang pagbabayad ng benepisyong suporta sa pagbubuntis, makakatanggap kayo ng pagbabayad ng "50,000 yen kada pagbubuntis". Maaari kayong mag-aplay sa loob ng 2 taon mula sa petsa na kinumpirma ninyo na kayo ay buntis. Sa hinaharap, hindi kami magpapadala ng mga abiso sa rekomendasyon sa aplikasyon sa bawat indibidwal. Kaya inirerekomenda namin na mag-aplay kayo sa lalong madaling panahon. Tandaan na hindi kayo kwalipikadong tumanggap ng benepisyo kung nakapagsumite na kayo at natanggap ang benepisyo ng aplikasyon sa ibang munisipalidad.
- Kung wala kayo o nawala ninyo ang gabay para sa unang pagbabayad ng benepisyong suporta sa pagbubuntis o hindi ninyo alam ang tungkol sa unang pagbabayad ng benepisyong suporta sa pagbubuntis, mangyaring makipag-ugnayan sa call center sa ibaba.
- Kung nag-aplay na kayo para sa unang pagbabayad ng benepisyong suporta sa pagbubuntis pero hindi pa naideposito ang pera, makipag-ugnayan sa call center at itanong ang tungkol sa katayuan ng bayad.

## ■ Mga tanong tungkol sa benepisyong suporta sa pagbubuntis

Call Center ng Lungsod ng Kawasaki para sa Mga Benepisyong Suporta sa Pagbubuntis
(Bukas mula 8:30 hanggang 17:15 Lunes hanggang Biyernes) **0120-123-004**

## ■ Mga konsultasyon na nauugnay sa mga usaping gaya ng pagpapalaki ng anak o paglaki at pag-unlad

(Lahat ng usapin ukol sa pagpapalaki ng anak) Mula 8:30 hanggang 17:00 Lunes hanggang Biyernes
Sentro ng Suporta sa Komunidad ng Mimamori, Sangay ng Suporta sa Komunidad

- ○ Tanggapan sa Kawasaki Ward: 044-201-3214
- ○ Tanggapan sa Saiwai Ward: 044-556-6648
- ○ Tanggapan sa Nakahara Ward: 044-744-3308
- ○ Tanggapan sa Takatsu Ward: 044-861-3315
- ○ Tanggapan sa Miyamae Ward: 044-856-3302
- ○ Tanggapan sa Tama Ward: 044-935-3264
- ○ Tanggapan sa Asao Ward: 044-965-5234

(Pagbubuntis at panganganak) Mula 10:00 hanggang 16:00 Lunes hanggang Biyernes

- ○ Samahan ng mga Komadrona sa Kawasaki (Kawasaki Midwives Association): 044-819-4635

**Kawanihan para sa Kinabukasan ng mga Bata ng Lungsod ng Kawasaki,**
**Seksyon ng Kalusugan ng Ina at ng Anak**
Numero ng telepono: 044-200-1312